# Google Chat

**Google Ireland Limited ("Google")**
Gordon House, Barrow Street, Dublin 4, Ireland
https://support.google.com/

*Magkakaroon ng bisa sa Disyembre 21, 2020*

**Buod ng kontrata**

- Inilalarawan ng buod ng kontrata na ito ang mga pangunahing elemento ng aming alok sa serbisyo, alinsunod sa iniaatas ng batas ng EU[1].
- Layunin nitong tulungan kang paghambingin ang mga alok sa serbisyo.
- Available ang kumpletong impormasyon tungkol sa aming alok sa serbisyo sa ibang dokumento.

**Mga Serbisyo**
Ang Google Chat ay isang serbisyo sa instant messaging na iniaalok sa lahat ng device at platform sa pamamagitan ng web interface o app. Kinakailangan ng koneksyon sa internet para makapagpadala o makatanggap ng mga mensahe sa pamamagitan ng Google Chat. Ibinibigay ng Google Chat sa pamamagitan ng paggamit ng makatuwirang kasanayan at pag-iingat, kahit hindi nag-aalok ng mga minimum na antas ng kalidad ng serbisyo.

**Presyo**
Iniaalok nang libre ang Google Chat, at dapat itong gamitin alinsunod sa Mga Tuntunin ng Serbisyo ng Google (na available sa https://policies.google.com/terms).

**Tagal, pag-renew, at pagwawakas**
Magagamit mo na kaagad ang Google Chat pagkatapos mong mag-sign up. Hindi mo kailangang gamitin ang Google Chat sa loob ng isang nakatakdang tagal ng panahon, at malaya kang ihinto ang paggamit nito anumang oras.

**Mga feature para sa mga end-user na may mga kapansanan**
Puwede kang gumamit ng mga bot bilang bahagi ng Google Chat para tumulong na mag-automate ng gawain, at puwede ka ring gumamit ng screen reader at mga keyboard shortcut. Available ang higit pang detalye sa https://www.google.com/accessibility/.

**Iba pang nauugnay na impormasyon**
Customer Support: Available ang Tulong / Suporta para sa Google Meet sa https://support.google.com/.
Mga Di-pagkakasundo: Puwede kang maghain ng reklamo sa isang alternatibong provider para sa paglutas ng di-pagkakasundo na nakalista sa https://ec.europa.eu/consumers/odr/main/?event=main.adr.show2 o sa iba pang provider, alinsunod sa legal na kinakailangan para sa iyong bansa. Available ang higit pang detalye sa Mga Tuntunin ng Serbisyo ng Google.
Mga Insidente sa Seguridad: May mahigpit na 24/7 na programa sa pamamahala ng insidente ang Google para matukoy at matugunan ang mga event sa seguridad o privacy nang walang pagkaantala. Nagbibigay rin ang Google ng Checklist sa Seguridad ng Google para matulungan kang pamahalaan ang iyong online na seguridad.
Personal na Data: Para mag-sign up sa Google Chat, kailangan mong ibigay ang iyong pangalan, email, at numero ng telepono. Nagbibigay ang Patakaran sa Privacy ng Google (na available sa https://policies.google.com/privacy) ng higit pang impormasyon tungkol sa personal na data na kinokolekta ng Google kapag ginagamit mo ang Google Chat. Ang Patakaran sa Privacy ng Google ay hindi bahagi ng kontrata sa pagitan mo at ng Google, o ng buod na ito.

---

[1] Article 102(3) ng Directive (EU) 2018/1972 ng European Parliament at Council ng 11 Disyembre 2018 na nagtatakda sa European Electronic Communications Code (OJ L 321, 17.12.2018, p. 36).